

# Chapter One



**N**akatungo ang witness ng defense habang nakaupo ito sa witness box. Martina strode toward the woman, her heels clicking on the floor.

“Miss Elvira,” simula niya, “ang sabi mo may kalaguyo ang pinsan mong si Jaquie na nagngangalang Norman, tama?”

Tumango ito. “Opo.”

“Iyon ang dahilan kaya niya inaakusahan ng rape ang dati niyang asawang si Eusebio Gamboa? Para makawala siya sa kasal at para makakuha ng pera sa asawa niya?”

“Opo.”

“Kakuntsaba ka niya sa pakikiapid niya sa lalaking iyon?”

“Opo. ’Yung mga love letters na nakapangalan sa ’kin, sa kanya po talaga iyon. Ginamit lang nila ang pangalan ko para hindi mahalata.”

“Ah, at ipinatago din ’yun sa ’yo ni Jaquie? Ang mga love letters?”

“Opo.”

“Sino pa’ng nakakaalam nito?”

“Wala pong iba, maingat po sila.”

“Maingat sila, pero gumamit pa rin sila ng mga love letters, at hindi nila sinira ang mga iyon, sa

halip ay ipinatago pa sa 'yo?"

Nanigas bahagya ang likod ng witness, pero mabilis itong tumango. "Ako lang po ang kakuntsaba nila, ako ang tulay nila, kaya sa 'kin nila pinapatago ang mga love letters. Sa 'kin lang po sila nagtitiwala."

"Ikaw ang ginagamit nilang dahilan kapag nagkikita sila?"

"Opo. Ako po ang nagtatakip sa kanila kapag nagkikita sila. Kasama po nila ako para kapag tinawagan siya ng asawa niya, malapit lang ako at makakapagdahilan siya."

"Gaano katagal ka na nilang ginagamit para pagtakpan ang affair nila, Elvira?"

"Matagal na po, six years na."

"Saan ka nakatira?"

"Objection, Your Honor," singit ng defense lawyer. "The question is irrelevant, the prosecutor is trying to intimidate the witness by putting focus on the witness' economic—"

"The witness' economic status has nothing to do with my question, Your Honor," putol din ni Martina sa defense lawyer. "The witness' residence is relevant to her physical closeness to the victim to establish a convincing emotional connection to the victim."

"Overruled," sagot ng judge.

Hindi siya nag-abalang umirap sa defense

lawyer at muli niyang binalingan ang saksi. “Elvira, saan ka nakatira?”

“Sa... sa Manila po.”

“Ano’ng trabaho mo?”

“Objection—”

“Overruled.”

“Ano’ng trabaho mo, Elvira?” ulit niya.

“Kasambahay po.”

“Saan?”

“Sa Manila din po.”

“Gaano katagal ka nang kasambahay?”

“Six... six years na po.”

“Stay-in ka?”

“Hindi po, pumapasok po ako nang maaga at umuuwi po ako nang seven ng gabi, malapit lang po sa tinitirahan ko ’yung pinapasukan ko.”

“Bago ka naging kasambahay, saan ka nagtatrabaho?” patuloy niya.

“Wala po, katatapos ko lang po ng high school sa probinsya noon.”

“Saan ang probinsya mo?”

“Sa Mindanao po.”

“Ilarawan mo sa ’min ’yung lugar n’yo.”

“Your Honor—”

“Overruled,” putol dito ng Judge, pero binigyan din siya nito ng babala sa tingin nito. “Establish your point,” anito sa kanya.

Tumango si Martina at binalikan ang witness.

“I-describe mo ang lugar n’yo noon bago ka umalis, Elvira.”

“Maliit lang po, liblib.”

“Malapit kayo sa bayan?”

“Malayo po.”

“Gaano kalayo?”

“Mga dalawang oras na lakad po. Isang oras kung may tricycle.”

“Mahirap ba ang tubig sa inyo? May ilaw ba kayo?”

“May bukal po sa ’min...pero noon po, wala pa kaming ilaw.”

“Nagsusulatan ba kayo ni Jaquie noon?”

“H-hindi po.”

“Nakatapos ka ng pag-aaral?”

“Your Honor!” singhal ng defense. “The prosecutor is clearly trying to intimidate—”

“I am trying to establish the validity of the witness’ statement claiming the victim had confided in her about the affair.”

“Overruled.”

Binalingan niya ulit ang witness. “Nakatapos ka, Elvira?”

Mukhang maiiyak na ang witness. “Hindi po.”

“Bakit?”

“Wala po kaming pera.”

“Pumupunta ba kayo sa Maynila noon?”

“H-hindi po.”

“Bakit?”

“Hindi naman po namin kaya ang pamasahe.”

“Bumibisita ba sa inyo si Jaquie?”

Napatingin ulit ang witness sa defense lawyer, at hinayaan niya ito. Maaari itong tumingin nang tumingin at humingi ng sakloko. Pero walang darating.

“Sagutin mo ang tanong, Elvira, bumibisita ba sa inyo si Jaquie noong mga bata pa kayo?”

“H-hindi po.”

“Kailan mo siya unang nakita?”

“Nung ’andito na po ako sa Maynila.”

“Anim na taon na ang nakakaraan mula noon, iyon ang una n’yong pagkikita?”

“Opo.”

“Doon din nagsimula ang affair at doon ka rin niya ginamit para pagtakpan ang affair, tama?”

“O-opo.”

“Tumira ka ba sa bahay nila n’ung dumating ka dito sa Maynila?”

Namula na ang mga mata nito. “H-hindi po.”

“Madalas ka bang bumisita sa kanila?”

“O-opo.”

“Gaano kadalas? Araw-araw, linggo-linggo? Buwan-buwan?”

“Your Honor—”

“Overruled,” sagot ng Judge.

Nginitian niya si Elvira. “Gaano kadalas?”

“A-araw-araw po.”

Parang gusto niyang bumuntong-huminga at umiling. What were the defense thinking? They should have thought of a more convincing story than this. Breaking the witness’ statement was child’s play.

“Araw-araw,” ani Martina. “Araw-araw kang bumibisita sa kanila? I wonder. Alam mo ba kung gaano katagal ang biyahe mula Maynila hanggang Antipolo? Dalawang oras kung hindi mabigat ang traffic. Tatlo o mahigit kung minamalas ka. Pero araw-araw kang nakakapunta sa bahay nila? Wow, paano ka nakakapasok pa sa trabaho mo kung ganyan ang schedule mo. Natutulog ka pa ba?”

“Hi... hindi po. Mga linggo-linggo lang... linggo-linggo lang ako bumibisita sa bahay nila.”

“Ah, ngayon linggo-linggo ka na lang pumupunta. Kailan ka bumibisita?”

“Tuwing...tuwing day-off ko po.”

“Kailan ’yon?”

“Sunday po.”

“Sunday.”

“Opo.”

“Nagtitiwala si Jaquie sa ’yo kahit tuwing Sunday lang kayo nagkikita?”

“Nagte-text po kami. Nagtatawagan.”

“Nai-save mo ba ang mga text messages niya?”

“H-hindi po.”

“Hindi mo na-save ang mga text messages, pero naitago mo ang mga love letters.”

“Ano... mahalaga po ’yung mga love letters sa kanya.”

Binalingan ni Martina ang judge at ang mga tao sa court room. “According to the statements of the accused, he was a family man who made sure Sundays were dedicated to his family, therefore, he always made sure he’s with his family during Sundays. But here we have a witness who claims Jaquie Valencia had confided in her about the extramarital affair and had even used her to cover the affair. The defense portrays Jaquie as a manipulative and conniving opportunist who had used her own cousin to cover the affair. A cousin she had never met until six years ago. A cousin who never had any contact with her until six years ago. A cousin she had only personally seen every Sunday when her husband had been with them in their home.

Given the circumstances of the witness’ living condition before she came to Manila, the likelihood that she had access to computer or cell phone was very slim. There was no electricity in her area, making it nearly impossible to have these kinds of communication devices, making it nearly impossible for her to have any contact with Jaquie before the witness ever came to the city. And yet

this conniving, manipulative opportunist trusted this woman she had only met with her extramarital affair from the beginning. And how would she even use Elvira, anyway? When Elvira can only visit her during Sundays when her husband was with them? When Jaquie can't even leave the house because of her husband? No more further question, Your Honor.”

Bumalik si Martina sa kanyang silya at umupo sa tabi ng biktima.



The courtroom fell quiet the moment the judge entered again. Humigpit ang hawak ni Jaquie sa kanya. She squeezed the woman's hand in return, and kept her eyes focused on Judge Martinez.

Lumigid ang tingin ng Secretary of the Court sa mga tao sa paligid, bago ibinaling ang titig sa papel na hawak nito.

“People of the Philippines versus Eusebio Gamboa. The defendant entered a plea of not guilty before this court on October 19, 2013, to three counts of rape defined and penalized under Section 266-A and 266-B of the Revised Penal Code (RPC), as amended by Republic Act (R.A.) No. 8353 or the Anti-Rape Law of 1997.”

Nanginginig si Jaquie sa tabi niya at nanlalamig ang kamay nito. Ibinaling ni Martina ang titig sa kabilang bahagi ng courtroom. Nakatiim-bagang



ang milyonaryo at dating asawa ng kanyang kliyente at nakatitig nang derecho sa harapan nito. The bastard still didn't look remorseful. If you asked Martina, *Reclusion Perpetua* without parole was a minor punishment. Dapat death sentence ang parusa sa mga gagong katulad ng lalaking ito. Raping his own wife while his own daughters heard them? F\*cking bastard. The bastard should be castrated. But alas, people could not always get what they wanted.

“The facts of this case are as follows,” patuloy ng nagbabasa ng hatol.

Mahaba ang pag-recount ng judge sa kaso. Binalikan nito ang mga puntong ipinahayag ng prosecutor at ng defendant. Sa maraming paraan, parang muling ginagahasa ang biktima sa pagdinig ng isang kaso. And it was in front of everyone. Ganoon ang rape case. The humiliation, the pain and sense of helplessness—they were all relieved with every word. The character assassination employed by the defense, the betrayal of her own family by siding with her ex-husband, the report enumerated all of them. And in a way, it was rape all over again.

“Wherefore, all the foregoing considered, accused Eusebio Gamboa is found guilty beyond reasonable doubt—”

Tuluyang umiyak si Jaquie sa tabi niya at

niyakap siya. Pumutok ang mga protesta sa bahagi ng dati nitong asawa.

“—of three counts of rape perpetuated against Jaquie Valencia. Accordingly, he is hereby sentenced to suffer the penalty of *reclusion perpetua* for each count, without eligibility for parole. He is further ordered to pay the victim, Jaquie Valencia, the amounts of fifty thousand pesos as civil indemnity, fifty thousand pesos as moral damages, and thirty thousand pesos as exemplary damages, for each count of rape. The award of damages shall earn legal interest at the rate of six percent per annum from the finality of this judgment until fully paid. So ordered.”

“We will appeal, don’t worry,” dinig niyang alo ng abogado ni Gamboa sa kabila ng mga iyak at protesta ng mga kasama nito.

Nanlilisik ang mga mata ng bastardo sa kanila. Matamis na ngumiti si Martina rito at kung wala lang sila sa loob ng korte, baka binigyan pa niya ito ng dirty finger. Loser.

*Appeal lang*, isip niya. They would never break the prosecutor’s case. Hah. How could they? Siya yata ang prosecutor. Martina Delores Sanchez, ang messiah ng judicial system ng Pilipinas. She’s going to goddamn change this system.



“Kampai!”

Itinaas nina Patrick at Luis ang wine glass ng mga ito para mag-toast. Itinaas niya ang halos ubos nang pineapple juice niya.

“Ano ba, Martina, you should drink kahit ngayon lang!” reklamo ni Patrick bago tinungga ang alak nito sa kopita.

“I refuse to bend to the societal pressure to conform. I will not be dictated to consume any alcoholic drink simply because the ruling elite decided it is an appealing behavior needed for proper socialization and assimilation.”

Tumawa ang dalawang kasama at umiling.

“You are so f\*cking retarded, Martina.”

Tumungga rin si Luis ng wine nito.

Itinaas niya ang noo. “I’m serious.”

“Exactly,” nakangising sagot ni Patrick.

Dumating ang server at ibinaba sa harapan niya ang lata ng in-order niyang pineapple juice. Tinitigan niya ang mahahabang kuko. It was always one of her dilemma, ang pagbukas ng pineapple juice in can. Binalingan niya ang dalawang kasama pero abala na ang mga ito sa pag-inom ng alak.

She huffed. Men. Whatever happened to chivalry? Ni hindi man lang maasahan ang mga ito na iligtas ang kuko niya sa posibleng pagkabali dahil sa pagbukas niya ng pineapple juice.

Dinampot niya ang kanyang steak knife at ginamit ang dulo noon para iangat ang tab ng can.

Maingat niyang tinanggal iyon.

“So, may bagong interview ba sa ‘yo pagkatapos ng case na ‘to?” narinig niyang untag ni Luis.

Sumimsim siya ng pineapple juice bago sumagot. “So far, wala pa. But I’m sure there would be. They can’t get enough of me. I don’t blame them.”

Muli, umiiling na tumawa ang dalawang kapwa niya abogado.

“Your mother already congratulated you?” usisa ni Patrick habang hinihiwa ang steak nito.

“Yes, Dad called her and she called me.”

“Kelan ka ba aalis sa public prosecution at sasama sa ‘min? Your dad should retire now and you should take over the firm.”

Umismid ang dalaga at tinusok ang isang olive sa kanyang plato. “Don’t be silly. Dad’s still young, ba’t siya magre-retire? And I like being a public prosecutor. Anyway, I’m going to run for office next year so I won’t be able to run Dad’s firm anyway.”

“Ah, yeah.” Sumubo ito ng steak. “SK ka rin noon, di ba? Ba’t di ka nag-councilor agad?”

“I wanted to have at least ten years of law practice first.”

“Ten years?” Kumunot-noo si Luis at napatitig sa kanya. “May ten years ka na sa firm? Ilang taon ka na ba?”

“Twenty-nine.”

Lalong lumalim ang kunot-noo ng mestizo nilang kaibigan, sanhi para tumawa si Patrick at hampasin ito sa balikat.

“What? Hindi mo ba alam?” sulsol ni Patrick. “Martina graduated college at seventeen. She was done with law at twenty, then, topped the bar at twenty-one.”

Umawang ang mga labi ni Luis at ibinaba ang baso nito. Lumapad ang ngiti ni Martina at nag-hair flip siya.

“I know, I’m a goddess,” aniya.

Pinaikot ni Patrick ang mga mata.

They finished dinner around eight, and Patrick offered to drop her to Cathy’s condo. Pero naipit sila sa traffic sa Pasay Road.

“Anak na tipaklong na traffic ’yan, oh,” angal ni Patrick. Akmang isusuklay nito ang mga daliri sa maikling buhok, pero pinigilan nito. Obviously, para hindi masira ang hairstyle. Her friend was the typical Metro Man—stylish and preppy from the tips of his dark hair down to his expensive polished shoes.

“Blame the government,” ani Martina, “hanggang ngayon mahilig pa rin silang magpagawa nang hindi matapos-tapos na mga road constructions tuwing tag-ulan.”

Umungol ito bilang pagsang-ayon. “God, kailan ba hihinto ang ulan na ’to?”

“I’m not sure. S’abi sa news, baka hanggang sa isang araw pa ang epekto ng habagat.”

“What are we going to do now?  
Magdadalawang oras na tayo dito!”

“Actually, I have an idea.”

Tumitig siya sa malakas na ulan sa labas at natanaw ang foot bridge. Hinagilap niya ang payong sa kanyang gilid at kinalas ang tali noon.

“Hey, ang cute ng payong mo, ah. S’an mo nabili ’yan?”

Tinitigan ni Martina ang mga animal drawing sa light gray na payong. Cartoonish iyon at makulay.

“May nagpahiram sa ’kin n’ung isang araw. Kapitbahay ni Cathy. Na-stranded ako sa convenience store at hindi makaalis. He just went up to me and offered his umbrella.”

“Kilala mo?”

“No. Pero sabi niya, kapitbahay siya ni Cathy and he saw me with her. I didn’t really see his face so I’m not even sure how I can give this back. Naka-baseball cap siya at hindi ko masyadong nakita ang mga mata niya.”

“Ah, that’s nice of him.”

“Yes, nagandahan siguro siya sa ’kin at hindi niya napigilang tulungan ang isang katulad ko.”

Umiling at ngumiti si Patrick. “Yes, of course. So ano ang iyong bright idea?”

“MRT.”

“What? Mag-e-MRT tayo? At saan ko naman iiwan ’tong kotse?”

“Hindi mo iiwan ang kotse, maiiwan ka dito at ako lang ang mag-e-MRT.”

Umawang ang mga labi ng katabi pero hindi niya pinansin. Kinalas niya ang seatbelt at itinulak pabukas ang pinto.

“Hey! You can’t leave me here—”

Nag-flying kiss siya sa kaibigan. “I still have a flight to Palawan tomorrow, I need my beauty sleep. *Ciao!*”

Binuksan niya ang payong at sinuong ang ulan.

Narinig pa ni Martina ang sigaw ni Patrick pero hindi na siya lumington. She felt bad for leaving her friend stranded in the hellish traffic of Manila. But her survival instincts were stronger than any friendly loyalty. God, she was so tired and sleepy. Minsan kahit siya ay nagugulat sa sarili kung bakit nakatayo pa rin siya. Kung walang foundation at concealer, siguradong mukha na siyang zombie sa pagod at puyat. She hadn’t slept properly for almost three months!

Tumakbo siya papunta sa hagdanan ng *MRT*. But thanks to her four-inch heels, she nearly tripped and broke her neck.

“F\*ck!” singhal ng dalaga at agad humawak sa railing.

Sinipat niya kung nabali ang takong ng sapatos.

It better not. Her *Jimmy Choo* pumps cost almost fifty thousand pesos.

“Goddamn politicians,” angil niya sa sarili.

Ang mga ito ang dahilan kaya laging bumabaha sa Pilipinas at lalong nakakadagdag sa traffic. Walang tamang environmental and garbage disposal policies, walang malinaw na flood control solutions, pagkatapos ang hilig pang gumawa ng mga road constructions kung kailan bumabagyo na. Ang mga signs na, ‘*Slow Down, Men At Work*,’ ay nabubura at nagiging ‘*Slow Men At Work*’ dahil sa tagal ng trabaho. She swore, kailangang siya ang maging presidente ng Pilipinas para maiayos ang mga problemang ito.

She huffed and limped toward the guards. *Yes, that’s the solution*, she thought smugly to herself. She had to be the president. She’d freaking show those losers how it’s supposed to be done. Then, she’d be a *U.N.* ambassador, and then, she’d be the secretary general, and then she’d be awarded *Nobel Peace Prize* for her enormous contribution to—

“Ano ba?” singhal ni Martina nang may bumunggo sa kanya sa likod.

“Ah, sorry!” paumanhin ng isang babae, pagkatapos ay pasimple itong bumaling sa kasama. “Mukhang lutang kasi.”

Umawang ang kanyang mga labi. “What did you say?”



Pero nilamon na ito ng dagat ng mga tao.

Hah! Naningkit ang mga mata niya at saka umirap. Hmp. Whatever. She couldn't expect the common people to understand her lofty psyche and ideals. Pumila siya para sa ticket at inabot siya nang mahigit kinse minutos doon. Tapos, kailangan din niyang maghintay nang halos thirty minutes bago makasakay sa tren. Heavens, everyone had gone crazy. Para silang nasa war zone ng Syria na nag-aagawang makasakay para mailigtas ang buhay nila. Pakiramdam ni Martina, nalusaw na ang makeup niya sa init at pawis sa tagal ng paghihintay niya. Ugh. She hated feeling sweaty and dirty.

Muling may bumunggo sa kanya pero hindi na siya nag-abalang mainis. Survival of the fittest na ang labanan. 'The weak shall perish at the hands of the strong' ang peg. Siko dito at bangga diyan para makapasok sa tren.

"Careful."

A pair of strong hands grabbed her shoulders when another bastard pushed her from the side. Napahawak din siya sa braso ng lalaki dahil muntik siya ulit gumewang sa taas ng kanyang heels.

Sumara ang pinto ng *MRT* sa likod niya at natakot siya para sa kanyang buhay. Oh, my God, what the hell was wrong with her? What was she thinking? Bakit siya sumakay rito? Parang ito

iyong box train na pinagsakyan sa mga sundalo noong *Bataan Death March*! Hindi siya makahinga. Sigurado siyang kulang ang oxygen sa loob ng tren para sa lahat ng taong sakay nito. They were going to suffocate here! Iyon ay kung hindi muna siya mapipi at madurog dahil sa pagsiksikan ng mga tao.

Ohmigod, ohmigod, she couldn't die here!  
Magiging presidente pa siya ng Pilipinas at—  
She found herself staring at a pair of deep, dark eyes.

The man stared back at her, surprise widening his intense gaze. May bumangga sa likod ng lalaki at napa-“Oomph!” ito. Akala ni Martina ay magkakatotoo na ang masamang pangitain niya at mapipipi na talaga siya, na parang pusang nasagasaan sa kalsada, pero idiniin ng lalaki ang mga braso nito sa pinto ng *MRT* para hindi ito bumunggo sa kanya.

His biceps strained against the effort, the coiled muscles tightening underneath smooth tan skin. Sinubukan nitong huwag ipitin siya, at nagtagumpay ito, pero halos nakadikit pa rin ito sa kanya. The tip of her nose almost touched his chest, and she could feel his body heat permeating through his white shirt. What was that scent? Clean, fresh, warm.

Male.

Yummy.

Napalunok si Martina at napatitig ulit sa mukha ng kaharap. Five o'clock shadow darkened his strong jaw, and his lips looked equally soft and hard—sculpted, sensual, chiseled by the gods to perfection. Angular cheekbones, straight masculine nose, dark eyes framed by ridiculously thick, black lashes. Hair black as midnight, disheveled as if windswept.

Handsome, beautiful, f\*cking gorgeous.

Parang mahihimatay si Martina sa bilis ng tibok ng kanyang puso.

Oh, my God, ito ba ang love at first sight na tinatawag nila?

The man bit his lower lip and averted his gaze from her. Tunitig ito sa may ulunan niya at may kaunting kulay na gumapang sa maanggulo nitong mga pisngi.

Oh, my God! He looked so shy it was so cute. Nako-conscious siguro ito na titigan ng isang napakagandang babaeng katulad niya. Hula ng dalaga, mabilis din ang tibok ng puso ng lalaki at parang magha-hyperventilate ito dahil nasisilaw sa kanyang kagandahan. She couldn't blame him.

She *is* beautiful. Wavy black hair, smooth pale skin, soft pink lips and cat-like eyes, she could be a runway model or a movie star. Well, hindi siguro runway model dahil 5'4" lang siya. But the point

remained. She had a romantic beauty. The type artists and poets painted and wrote about. When she was a kid, her father said she would break many hearts when she grew up. And she agreed with him.

“Thank you,” ani Martina.

He almost jerked back, and his gaze flew back to her. God, those dark eyes could induce many dreamy fantasies. Gusto sana niyang sabihin na okay lang kahit idikit nito nang todo ang katawan sa kanya. The guy was built like an athlete. Strong, lean with almost zero percent body fat. She was sure he would feel awesome pressed against her. Pero pinigilan niya ang sarili. Baka kasi hindi nito makayanan ang kilig at mahimatay dahil sa sexual prowess niya. She wanted to laugh giddily.

“Uhm...” anito. “Uh, yeah... it’s okay...”

Aww... he was stuttering! It was so cute! Talagang na-starstruck ito sa kanya!

*“We are now approaching Cubao Station. Papalapit na po ang tren sa Cubao Station.”*

“Uhm...” anito at alanganing napatingin sa kanya.

Binigyan niya ito ng matamis niyang ngiti. “Yes?”

Hihingin siguro nito ang number niya. Should she give it? Hmm. Siguro dapat maghinay-hinay muna si Martina. He was a stranger after all.

Pero parang may nagsabi sa kanya na ito na ang kanyang 'The One'. Na para bang kilala na niya ito buong buhay niya at puwede niya itong pagkatiwalaan ng mga pinakatatagu-tagong sikreto niya.

Ganoon daw iyon, di ba? Kapag nakita mo iyong taong iyon, alam mong siya na, at handa ka nang mamatay para sa kanya. You just couldn't explain it. Walang conversation, walang getting-to-know-you. Basta siya na. It's like magic. You could just feel it. Yes! That's it! That's what all those destiny and soulmate romantic sh\*thead said.

Yes! She should give him her number!

"It's fine, I'll give you my number," nakangiting sagot ni Martina. "Ikaw, what's your number?"

Kumurap ang lalaki at umawang ang mga labi. "Huh?"

"Your number, you want my number too, right?"

Muli itong kumurap at nanatiling nakatitig lang sa kanya. Aww, he just couldn't stop staring at her. Sheesh. Nagba-blush na tuloy siya.

"Uhm...hey." Hinawakan ng lalaki ang balikat niya at kinabig siya.

Nanlaki ang mga mata ni Martina. Wow, she supposed hindi na nito mapigilan ang sarili nito kaya niyakap na siya. Oh, well.

Gumalaw ang mga tao sa paligid nila at binangga sila.

“Excuse me,” sita ng isang babae saka lumabas ng pinto.

“Uh,” usal ng kanyang soulmate. “Uhm, bumukas na ’yong pinto, so uh... I gotta go.”

His gaze stayed on her face as if he didn’t want to stop looking at her. But he released her reluctantly and stepped out of the train with the rest. Parang dinala ng lalaki ang lahat ng init sa paglisan nito.

What? *What?* What the f\*ck!

Lumipad ang tingin ni Martina para habulin ang estranghero. What the? Nakilala niya ang station at napagtantong nasa Cubao na siya.

“Miss, ’wag kang humarang!” singhal ng kung sino mula sa likuran niya.

Muntik ulit siyang madapa, mabuti na lang at nakahawak siya sa may pinto. Hinanap niya muli ang kanyang soulmate pero hindi na niya ito nakita.

*Nooo!* She wanted to cry. Her soulmate! Her ‘The One’. Where was he? How could he just leave her like this? How could he—

Nag-ring ang kanyang phone.

“Hey, where are you?” bungad ni Cathy nang sagutin ni Martina ang tawag.

*In hell, because my soulmate left me!* gusto niyang iangal, pero pinigilan niya. Muliy ay naramdaman ni Martina ang pagod na

panandaliang natanggal dahil sa pagtatagpo nila ng kanyang ‘The One.’

“Sa Cubao na,” matamlay niyang sagot at sumunod siya sa daloy ng mga taong naglalakad papunta sa escalator.

Sinubukan niyang hanapin ulit ang kanyang destiny, pero hindi na niya ito makita.

“Hey, I have bad news, hindi ako makakasama bukas sa Palawan—”

“What?!” Natuon ang lahat ng atensyon niya sa kausap. “What do you mean you can’t come with me to Palawan? What happened? Are you crazy? We planned this together and—”

“Hey, hey, calm down, will you? Let me talk. Si Ate, mukhang mapapaaga ng panganganak, I have to babysit the kids.”

“What? You can’t!”

“Stop the theatrics, Dear. Sige na, see you. P’unta ka na rito.”

Masama niyang tinitigan ang phone nang matapos ang usapan nila. Darn it. Ano ang gagawin niya mag-isa sa Palawan? She’d look pitiful!

Nakasimangot si Martina hanggang sa makarating sa condo ng kaibigan. Halos hindi siya nakabati sa security guard nang pumasok siya sa lobby.

Maybe she should just cancel the trip, himutok niya sa sarili. But dear heavens, she needed that

vacation. She's awesome and she's a genius, but she's still human, and she needed to—

Hindi niya napansin ang batang tumatakbo papunta sa kanya at biglang humarang sa kanyang harapan.

Muntik na siyang mapatili nang gumewang muli ang kanyang heels. Oh dear, this time, mukhang magkakadaupang palad na sila ng sahi at—

Strong arms wrapped themselves around her waist and pulled her back against a warm hard chest. The primitive and ancient part of her consciousness recognized his scent and heat before the more advanced area of her brain could process the whole information.

And for the second time that day, she found herself speechless and staring at a pair of dark eyes.

Her soulmate stared back at her.



# Chapter Two



She knew it. Hindi lang si Martina ang na-love at first sight. Sinundan siya ng lalaki dahil nahumaling ito sa kanyang kagandahan. Sinundan siya ng estranghero dahil hindi nito hahayaang mawala sa paningin nito ang isang diyosang kagaya niya at—

“Good evening, Sir Seth,” bati ng receptionist sa lobby.

Kagaya kanina sa *MRT*, iniwas ng binata ang tingin sa kanya at bumaling sa babae. His sensual lips curved into a smile and Martina swore she heard the receptionist sigh in bliss.

“Good evening, Josephine.”

“May package po na dumating sa inyo, na-receive po ng kasambahay n’yo sa unit n’yo.”

“Oh, thank you.”

Package? Kasambahay? Unit nito? It took her half a minute to fully process the situation.

“You live here?” bulalas niya sa wakas.

His gaze flickered back to hers, and those warm, dark eyes made her knees weak.

“Uh, yeah.” May pag-aalangan sa guwapong mukha, binawi ng lalaki ang mga braso mula sa pagkakayakap sa baywang niya nang masigurong

hindi na siya matutumba. Agad hinanap ng kanyang katawan ang init ng katawan nito.

“Ma’am Martina!”

Distracted siyang napalingon sa tumawag sa kanya. Malawak ang ngiti sa kanya ni Mrs. Soriano, isa sa mga cleaning staff ng building. May dala-dala itong isang business magazine kung saan siya ang cover.

“Nakita ko kayo dito sa magazine at sa TV, ah!”

TV? Magazine? Oh, yes. Napatango siya sa sarili. God, she needed to wake her brain up. Parang naging fuzzy iyon dahil sa presensya ng binata. “Ah, yes.”

“Ang galing n’yo talaga, sikat na sikat na kayo. Pinagmamalaki ko nga sa biyenan ko, kilala ko kayo. Grabe, politiko ’yung kalaban n’yo pero panalo pa rin kayo!”

Absentminded siyang napatango sa may-edad na babae. High-profile ang rape case na iyon dahil kilalang politiko ang akusado at menor de edad ang biktima. Na-feature siya sa napakaraming magazines, newspaper articles at TV segments dahil doon.

“Mabubulok na sa kulungan ’yung rapist na ’yon. *Reclusion perpetua* without parole ang sentence ng judge para sa bawat count ng rape. That’s twenty-seven counts, he’d be imprisoned for more than six hundred years.”

“Tama ’yun!” sulsol ni Mrs. Soriano bago napabaling sa kanyang katabi. “Ay, good evening, Sir Seth.”

“Good evening po.”

Parang may kuryenteng dumaloy sa mga ugat ni Martina nang marinig muli ang mababang boses ng binata.

“Oh, sige, Ma’am, Sir, mauna na ’ko.” Naglakad palayo si Mrs. Soriano. Binati pa nito ang receptionist at nakipagkuwentuhan din sandali.

Binalingan niya si Seth. He was looking at her; the corners of his mouth curved a little in a small smile. But when he finally realized she was looking back at him, his eyes widened and he looked away from her.

“Martina!”

Naramdaman niyang humawak sa braso niya si Cathy, pero hindi niya maialis ang titig sa kanyang soulmate.

“Uh,” usal ng lalaki. Tumabing ang ilang hibla ng buhok nito sa noo. Medyo basa iyon dahil sa ulan. “Uhm... I gotta go.”

Tumalikod ito at tinungo ang elevator na para bang may tinatakbuhan loan sharks.

“Shoot, he’s so goddamn yummy!” kinikilig na bulong ni Cathy sa kanyang tabi.

Naningkit ang mga mata ni Martina at masamang tinitigan ang kaibigan. Namumula

ang mga pisngi nito at parang may mga bituwing kumukuti-kutitap sa mga mata nito. The hell?

“You know him?” akusa niya.

Kumurap ito at tumitig sa kanya. Pagkatapos ay tumawa ito. “Of course I know him! Like, duh? That’s Seth freaking Lautner! Who doesn’t know him?”

Napalitan ng kunot-noo ang masamang tingin niya. Seth Lautner. Seth Lautner. It didn’t ring a bell. “What?”

Namilog ang mga mata ni Cathy nang mapagtantong seryoso siya. “Seth Lautner, Martina, ano ka ba!”

“What? Sino ba siya?”

Tumawa ulit ang kaibigan at saka umiling. “Girl, para ka talagang sira minsan. Seth Lautner! International bestselling sci-fi and children’s book author! Like, duh? *Fireflies*? *Refraction*? *Dead Star*? *The Elemental* series? He’s like J.K. Rowling, Neil Gaiman and Eoin Colfer combined!”

Her eyes widened. He’s a what?

Napalipad ang kanyang tingin sa elevator, pero nakasara na iyon.

“What?” she voiced out.

Pinaikot ni Cathy ang mga mata na para bang kinder siya na hindi nakinig sa lesson ng teacher. “Girl, alam mo minsan, para kang nakatira sa bundok. Hello? Everybody knows Seth Lautner,

half-Filipino, half-American, international bestselling author! It's like, five years na siyang international celebrity, you know. I have all his books.”

Information overload iyon para sa pagod na niyang sistema. Hindi siya nakapagsalita agad, at hinila siya ni Cathy papunta sa elevator.

“And I told you about him, 'no,” patuloy ng kaibigan. “Ang hirap kasi sa 'yo, hindi ka nakikinig sa mga kuwento ko.”

“Nakikinig ako sa mga kuwento mo,” she finally snapped. Nabubuhay na ulit ang dugo ni Martina dahil sa iritasyon. A freaking international bestselling author. Bakit hindi niya alam iyon? God, he probably thought she was stupid for not recognizing him. “Unless tungkol 'yan kay Kim Kardashian, Miley Cyrus, Duchess of Cambridge, o Taylor Swift o—”

“Yeah, yeah, whatever.”

She fumed and stomped inside the lift.

“But seriously, Martina, n'ung isang araw ko pa kinukuwento sa 'yo na kapitbahay ko si Seth Lautner!”

Nahilot niya ang noo at inis siyang sumandal sa pader. Binalikan niya ang nakaraang linggo at inalala ang mga kinuwento ni Cathy, pero walang silbi. She was so goddamn busy these last few weeks she barely even noticed what she was eating.

“So he lives here?” she demanded. “How? Dito siya naka-base? At marunong siyang mag-Filipino? How did that work? As in matagal na siyang nakatira dito? Paanong—”

“Hinay-hinay lang, ’Teh. Mahina ang kalaban. No. Sa States siya naka-base, pero ’yung kapatid niya dito nakatira; nakapangasawa ng Filipino businessman. They moved in this building like six months ago. Si Seth, nagbabakasyon lang dito. He arrived here like a week ago.”

A week ago. Isang linggo nang narito sa building na ito ang lalaki? At ngayon lang niya ito nakita? Lalong nag-init ang ulo ng abogada. That’s so unfair! Tunitig siya nang masama sa umiilaw na mga numero sa itaas ng pinto ng elevator. “Marunong siyang mag-Filipino.”

“Sally, that’s his sister, said they’ve lived here for like fifteen years before they went to the States. Mga nine years old daw si Seth n’ung umalis sila dito sa Pilipinas at nag-migrate sa States.”

Matalim niyang tinitigan ang kaibigan. “Ba’t ang dami mong alam tungkol sa kanya?”

“Duh! That’s Seth Lautner! At personal trainer ako ng sister niya, siyempre sasamantalain ko ang pagkakataon na malaman ang marami tungkol sa kanya! And take note, mahirap talagang malaman ang mga ’yan kasi super-duper private siya. Ayaw ngang magpa-interview!”

Bumukas ang pinto ng elevator at dumerecho sila ni Cathy sa unit nito. Tumingin siya sa paligid. Walang sign ng kanyang “The One”. Nakasimangot na humalukip si Martina.

“S’an ang unit nila dito?”

“Hmm, bakit? You like him, ano? Join the club, Kapatid.”

“But he likes me, too.”

Napasinghap si Cathy at nanlalaki ang mga matang napaharap sa kanya. “What?”

“Kanina sa *MRT*, nakasabay ko siya.”

“Oh, that. Sinabi nga ng ate niya na mahilig daw sumakay ng train at buses si Seth. O, ano’ng nangyari sa *MRT*?”

“He couldn’t stop staring at me.”

“Hah, feelingera ka.”

“No, it’s true. As in nagba-blush pa siya habang nakatitig sa ’kin. I bet mabilis din ang heartbeat niya dahil may kaharap siyang diyosang kagaya ko. Hindi mo ba napansin kanina? It’s like he can’t take his eyes off me. He can’t—”

“Ilusyonada ka rin, ano?”

“No, I’m not joking. Hindi niya maalis ang titig sa ’kin—”

“Baka nawiwirduhan siya sa ’yo, Ate. O siguro kasi naiilang siya kasi tinititigan mo siya. You can be really weird sometimes, you know.”

“You’re wrong. He likes me, I can feel it. I’m

telling you, he has fallen head over heels in love with me and he can't get enough of me so he's—"

"Nasabi ko na bang weird ka minsan? Ah, no. Weird ka nga pala *lagi*. I bet natakot siya sa 'yo sa kawirduhan mo." Tumatawang umiling si Cathy saka pumunta sa kusina nito.

*Mahaderang becky*, angal niya sa sarili.

Umirap si Martina bago mayabang na ngumiti sa sarili. Oh, well.

Alam niya ang sinasabi niya. Seth Lautner liked her. He had probably fallen in love at first sight with her. She couldn't blame him. She's awesome and just breathtakingly beautiful. Sigurado siyang patay na patay ito sa kanya.

Maluwang ang ngiti, sumunod siya sa kaibigan sa kusina nito.



"Talaga bang hindi ka makakapunta?" Inalis ni Martina ang tingin sa bintana ng kotse at ibinaling ang titig sa kaibigan. "Come on, Cathy, we planned this vacation together! Ba't nang-iiwan ka sa ere!"

"Girl, ang kulit mo, manganganak na nga si Ate, kailangan ko na ngang pumunta d'on ngayon! I really want to go with you, too! Naka-pack na nga tayo, di ba? Everything's set na nga kaya nga sa bahay ka na natulog. But I just can't go now. Sige na, the resort's private naman, I'm sure you'd enjoy—"



“Iyon nga ’yon, it’s a private resort, mamaya ako lang ang tao d’on!”

“You’ll live. Sige na, baka maiwan ka pa ng flight. Go, shoo!” Halos tadyakan siya ng kaibigan palabas ng kotse nito.

Umungol si Martina sa inis at isinuot ang gladiator shades saka kinuha ang mga gamit sa trunk ng kotse.

Still grumbling, she pulled her luggage toward the entrance.

Ilang minuto pagkatapos, masama pa rin ang kanyang mood nang umupo siya sa waiting area. The fact na hindi niya nasilayan kaninang umaga ang soulmate niya ay isa sa mga nakapagpasama lalo ng kanyang timpla.

Darn. She wanted so bad to see him again. She had loitered around the lobby this morning for at least two hours just to get a glimpse of him. But *nada*.

Muntikan na siyang kumatok sa pintuan ni Seth kaninang umaga pero pinigilan niya ang sarili. Pero parang nagsisisi na siya ngayon. She should have knocked on his door, darn it.

God, she still felt so sleepy. Nakatulog na siya nang pitong oras pero namimigat pa rin ang kanyang mga mata. Bakit ba delayed ang flight nila?

“Ugh...” mahinang ungol ni Martina sa sarili.

Sinipat niya ang carry-on luggage na nakapatong sa kanyang hita. Tumingin din siya sa kanan at kaliwa. Siguro ay okay lang na umidlip siya sandali? Wala naman sigurong mananamantala sa kanya o kukuha ng kanyang gamit, hindi ba? Bilang isang abogado, hindi ganoon kataas ang tiwala niya sa mga tao. But she was really sleepy. Groaning, niyakap niya nang mahigpit ang bag at pasimpleng yumuko para umidlip.



God, he smelled so good. Warm, clean male skin. A hint of mint and spice. That was probably his aftershave. She wanted to open her mouth and ran her tongue over his throat and just licked him again and again.

Mabibigat ang mga matang nagmulat si Martina. Hindi niya napigilang ngumiti habang nakatitig sa leeg ng lalaki. She had never thought Adam's apple was sexy. Pero habang nakatitig siya sa umbok na iyon sa leeg ng binata, parang nag-iinit ang katawan niya. Male. It looked so mouthwateringly male.

Muli siyang pumikit at isiniksik ang mukha sa leeg nito. He really smelled so darn good. She wanted to burrow into his body and just—

Nanigas ang buong katawan ni Martina. Halos mapatalon siya sa pag-ayos ng upo palayo sa lalaki.

Malalaki ang mga matang napatitig siya kay

Seth. “What the...”

Those dark eyes were wide, too, as he stared back at her. He opened his mouth then, he closed them again. Color stained his cheekbones and his throat worked as he swallowed.

“Uhm...” anito.

“What are you doing here?” bulalas niya.

Napakagat-labi si Seth at alanganing napatingin sa paligid. His hair was in their usual disarray, as if he had ran his fingers through them over and over. “I’m boarding the plane, too.”

Nag-ring ang kanyang telepono, pero hindi niya iyon pinansin at nanatili siyang nakatitig sa binata. He seemed to grow more and more uncomfortable as she stared at him. His ears had turned pinkish, and he kept swallowing, making his Adam’s apple jump.

Nag-aalangang tumitig ito sa kanya. “Uhm... you’re not gonna answer that?”

Napakagat-labi si Martina at napakunot. No, she didn’t want to answer it. Gusto lang niyang umupo roon at titigan si Seth at gisahin ang lalaki ng tanong. Like, ilang babies ang gusto nito?

His lips quirked and he shook his head. “You should probably answer that.”

Dinukot niya ang phone sa bulsa at nakitang si Cathy iyon. Binalingan niya si Seth. “Don’t go anywhere, and look after my stuff for a moment,

will you?”

Tuluyan nang tumaas ang sulok ng mga labi ng lalaki. “Okay.”

Tumayo siya at lumayo nang kaunti sa binata para tanggapin ang tawag.

“Hey, ang lakas ng ulan, ah. Na-delay ba ang flight mo—”

“I told you he’s in love with me.”

“What?”

She smiled dreamily and sighed. “Si Seth, Cathy, he’s in love with me.”

“Alam mo, girl, mukhang nasobrahan ka na nga ata sa pagod. I mean, may pagkailusyonada ka na noon pa at may tendency ka na talaga for delusions of grandeur, but ito, ’teh, OA na.”

“He’s here, Cathy, magbabakasyon din siya sa Palawan!”

Sandaling natahimik ang kaibigan sa kabilang linya, kaya lalong yumabang ang kanyang ngiti.

“See?” aniya. “I told you! I bet he followed me here!”

Umungol si Cathy mula sa kabilang linya. “I’m not going to argue anymore, but let me just remind you that he’s here for vacation, at napaka-absurd ng theory mo na sinundan ka niya. Mukhang masama talaga ang tama mo kay Seth at nawalan ka na ng reason o logic. Anyway, ano, na-delay ba ang flight mo?”

Hindi siya tinablan ng pessimism ng kaibigan at nanatili siyang nakangiti. “Yes, malakas nga rin kasi ang ulan dito.”

“Okay, tawagan mo ’ko kapag nakarating ka na sa resort, ha?”

“Okay. But you know, he really likes me.”

“Whatever. Pero warning lang, Martina, Dear. S’abi ng ate ni Seth, medyo aloof ’yan sa mga babae. He hardly dates, so don’t get too aggressive, okay? Baka matakot mo ’yan. Sabi ni Sally, nireto na niya ’ko d’yan pero deadma daw. As in, pinakitaan na ’yan ni Sally ng mga sexy pics ko sa *FB* pero waley pa rin. Duh, di ba? I’m like, stunning and gorgeous and—”

“And you said I have delusions of grandeur. Later, Cathy.”

Nakangiti siyang bumalik sa upuan, pero nawala iyon nang makita niyang may babaeng nakaupo sa kanyang puwesto. At napatong ang kamay nito sa braso ni Seth. What the f\*ck?

“So, you know, wala akong dalang book mo, but maybe you can sign on my breasts?” Niliyad ng babae ang dibdib para ipakita sa binata.

V-neck ang cut ng shirt ng babae kaya hantad ang cleavage nito. In fairness, malusog ang dibdib ng babae pero hula niya, peke ang mga iyon. Silicone. Hah. *Au naturel* ang kanya.

“Excuse me,” singit ng abogada.

Nagtaas ng tingin si Seth, at para itong batang nakakita ng kakampi habang binu-bully ito ng mga kaaway.

“Martina,” he all but exclaimed.

Binigyan niya ang babae ng titig na nagpanginig sa mga tuhod ng mga rapists at child molesters.

“Miss, that’s my seat.”

Nag-angat ng kilay ang babae at hindi niya napigilang ngumiti. My gosh, mali ang kulay ng eyebrows nito! Masyadong sharp at dark para sa complexion nito. Tsk. Tsk. Tsk. Parang gusto niyang kumuha ng spooly para ayusin ang eyebrows ng babae. Poor girl.

“What? May pangalan mo ba ’tong upuan?” balik nito.

She smiled wider. Nice. Palaban. She liked it. Pero masyado itong maaga para hamunin siya. She’s Martina Delores f\*cking Sanchez. She ate women like this for breakfast.

Kinuha niya ang carry-on luggage niyang nakapatong sa kandungan ni Seth at nginitian ang babae.

“You’re right,” aniya, “my name’s not written there.”

With a smug smile on her lips, she wrapped her arms around Seth’s shoulders and sat on his lap.

Gusto niyang tumawa sa expression ng babae. The look of horror was priceless.

Randam ni Martina ang pagtigas ng mga kalamnan ni Seth dahil sa tensyon, pero agad niyang binalingan ito at maliit na ngumiti dito. Pero kumupas ang kanyang ngiti. Malapit ang mga mukha nila, at randam niya ang mainit nitong hininga sa kanyang mga labi. She couldn't read his expression properly. But she thought he looked... hungry. His eyes seemed to have gone darker and his lips were pursed into a tight line. Napahawak ito sa baywang niya kanina nang umupo siya sa kandungan nito, at bahayang nakabaon ang mga daliri nito sa kanyang balakang. Her breasts brushed against his hard chest, and heat sparked at the tips. A corresponding flicker of warmth pulsed deep between her legs...

Nanlaki ang mga mata ni Martina.

Iiniwas niya ang tingin dito at binalingan ang estranghera. "So, do you need anything?" Her voice sounded a little too husky, and her skin felt a little too hot.

Bakas pa rin ang trauma sa mukha, bumaling ang babae kay Seth para humingi ng saklolo, pero nakatitig pa rin sa kanya ang binata. The woman hissed and stomped away.

She should have giggled and gloated, pero dumadagundong ang kanyang puso sa dibdib niya. She could feel his hot gaze on her, and it made her blood burn.

Tumayo siya mula sa kandungan ni Seth at umupo sa silyang iniwan ng babae.

“I was just kidding,” she muttered.

Hindi nagsalita ang binata, kaya napatingin siya rito. Nakaiwas ito ng tingin sa kanya at nakatiim-bagang. Napaawang ang mga labi ni Martina.

“Are you angry?” bulalas niya.

He closed his eyes briefly and muttered something that sounded a lot like sh\*t, then, he forced himself to look at her.

“No, I’m just—” Nag-ring ang phone nito. Tumayo si Seth at dinukot iyon na para bang nakasalalay roon ang buhay nito. “I need to take this.” Naglakad ito palayo sa kanya na para bang may *Ebola* virus siya.

“Don’t get too aggressive, baka matakot ’yan,” rinig niyang babala ni Cathy.

Napapikit si Martina at napaungol. *Sh\*t*, was all she could think of.

